

Impormasyon para sa mga Hinirang na Tao

Bilang isang hinirang na tao, ang iyong katungkulan ay upang tulungan ang humirang na tao na tiyakin na ang kanilang mga karapatan ay ipinagtatanggol, at ang kanilang mga malasakit at ninanasa ay isinasaalang-alang habang sila ay isang pasyente.

Sumasang-ayon kang maging hinirang na tao ng pasyente sa pamamagitan ng paglagda sa Form 12A.

Bilang isang hinirang na tao, ikaw ay marapat tumanggap ng impormasyon tungkol sa, at masangkot sa, mga bagay na kaugnay sa paggamot at pangangalaga ng pasyente. Kokontakin ka ng kawani tungkol sa impormasyong ito maliban kung magpapasiya ang psychiatrist ng pasyente na ang pakikihati ng ilang impormasyon o pagsasangkot sa iyo sa ilang bagay ay hindi para sa pinakamabuting kapakanan ng pasyente.

Maaari kang magbitiw bilang hinirang na tao sa anumang oras sa pamamagitan ng pagsasabi nang pasulat sa pasyente na hindi na ikaw ang kanyang hinirang na tao, at lagdaan ito. Dapat mo ring ipabatid sa isang kawani na hindi na ikaw ang hinirang na tao.

Bilang isang hinirang na tao, isa ka sa 'mga taong personal na tagasuporta' ng pasyente, at may kaparehong mga karapatan gaya ng sa tagapag-alaga o malapit na kapamilya ng pasyente. Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga karapatan ng mga taong personal na tagasuporta, tingnan ang polyetong pinamagatang 'Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta'.

Karagdagang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

Hinirang na mga tao: Paano gagawa ng paghirang at ano ang ibig sabihin nito



Ang polyetong ito ay nagbibigay ng impormasyon kung paano ka gagawa ng iyong hinirang na tao, at ano ang kahulugan nito. Nagbibigay din ito sa mga hinirang na tao ng impormasyon tungkol sa kanilang katungkulan at ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng Mental Health Act 2014.

Hinirang na mga tao

Ang tungkulin ng mga tagapag-alaga at malapit na kapamilya ay pinapahalagahan at mayroon silang karapatang mabigyan ng kaalaman at masangkot sa paggamot at pangangalaga ng isang pasyente.

Maaaring may isang tao sa iyong buhay (halimbawa, isang kaibigan) na hindi mo tagapag-alaga o malapit na kapamilya, ngunit mahalaga sa iyo na sila ay may papel na gagampanan sa paggamot at pangangalaga sa iyo.

Maaari mong gawin ang taong ito na iyong “hinirang na tao” at magbibigay ito sa kanya ng kaparehong katungkulan, mga karapatan at estado gaya ng sa isang tagapag-alaga o malapit na kapamilya.

Katungkulan ng iyong hinirang na tao

Ang katungkulan ng iyong hinirang na tao ay upang tulungan kang tiyakin na ang iyong mga karapatan ay ipinagtatanggol at ang iyong mga malasakit at ninanasa ay isinasaalang-alang habang ikaw ay isang pasyente.

Ang iyong hinirang na tao ay karaniwang kasangkot sa paggamot at pangangalaga sa iyo kabilang ang pagtingin sa mga opsyon para sa paggamot at pangangalaga at pagsuporta sa iyo.

Ang iyong hinirang na tao ay bibigyan din ng impormasyon tungkol sa:

- iyong sakit pangkaisipan, mga opsyon sa paggamot at pangangalaga at sa iyong mga reaksiyon sa anumang ibinibigay na paggamot,
- mga dahilan sa paggawa ng di-boluntaryong utos-paggamot, at

- mga serbisyong makukuha upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Ang iyong hinirang na tao ay hindi bibigyan ng kaalaman/ isasangkot sa ilang bagay kung ituturing ng iyong psychiatrist na hindi ito para sa iyong pinakamabuting kapakanan.

Sino ang makakahirang?

Ang sinumang tao, kabilang ang isang bata, ay makakagawa ng kanilang hinirang na tao. Gayunman, dapat na nauunawaan mo kung ano ang paghirang at ang ibig sabihin nito.

Sino ang mahihirang mo?

Maaari mong hilingin ang sinumang gusto mo, na maging hinirang mong tao. Gayunman, sila ay dapat maging 18 taong gulang o higit pa at tumatanggap sa paghirang. Maaari kang magkaroon ng isa lamang na hinirang na tao sa isang pagkakataon.

Paano ang paghirang

Upang gumawa ng paghirang, dapat mong kumpletuhin ang Form 12A – Pagmungkahi ng hinirang na tao. Makakahiling ka ng kopya ng pormang ito mula sa kawani, o kumuha ka ng kopya mula sa www.mhc.wa.gov.au.

Kapwa ikaw at ang iyong hinirang na tao ay kailangang lumagda sa porma at ang kapwa paglagda ninyo ay dapat masaksihan. Kabilang sa mga taong awtorisadong maging saksi ay ang isang medikal na praktisyoner, nars, parmasyutiko, guro at hukom tagapamayapa. Ang buong listahan ay makukuha dito: http://www.courts.dotag.wa.gov.au/_files/Professions_witness_statutory_declarations.pdf

Kailangan mong abisuhan ang serbisyong gumagamot sa iyo tungkol sa paghirang. Kokopyahin ng isang kawani ang iyong porma ng paghirang at ilalagay ito sa iyong medikal na rekord.



Paano mawawakasan ang pagkahirang?

1. Mawawakasan mo ang pagkahirang anumang oras at sa anumang paraan (halimbawa, sa pagsasabi sa mga kawani na ang tao ay hindi na ang iyong hinirang na tao).
2. Maaari mo ring wakasan ang pagkahirang sa pamamagitan ng paggawa ng bagong paghirang. Upang gawin ito, dapat kang magkumpleto ng isang bagong Form 12A.
3. Ang iyong hinirang na tao ay makapagbibitiw sa anumang dahilan at dapat niyang pasulat na gawin ito.
4. Maaaring wakasan ng Mental Health Tribunal ang pagkahirang kung magpapasiya ito na hindi kayang gawin ng tao ang katungkulan, o nagkakaroon ng negatibong epekto sa iyo.